*MALAY 33 (1) December 2020, pp. 22–36*

# Si Bayani S. Abadilla at ang pagkatatag ng Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

# *Bayani S. Abadilla and the founding of Filipinology in the Polytechnic University of the Philippines*

Maria Victoria Rio-Apigo
UP Diliman, Pilipinas
mavictoria_apigo@yahoo.com

Taglay ang layuning makapag-ambag sa karunungang Pilipino at mga disiplinang nag-aaral sa mga Pilipino, tinalakay at sinuri sa papel na ito si Bayani S. Abadilla at ang kaniyang mahalagang papel sa pagkatatag ng Filipinolohiya sa PUP. Bilang kilalang makabayan at tagapagsulong ng epistemolohiyang Pilipino ay sinilip ang katangian ng kaniyang buhay-intelektwal—manunulat, guro, at kasapi ng kilusan upang maanalisa ang katangian ng Filipinolohiya na naitatag sa PUP. Gamit ang pamamaraang pagsusuri ng nilalaman ng teksto o kontent analisis ay sasagutin ng pag-aaral na ito ang mga katanungang: Sino si Bayani S. Abadilla bilang iskolar at tagapagsulong ng Filipinolohiya?; Ano ang katangian at paano niya ipinunla ang ganitong Filipinolohiya sa PUP?; at Ano ang kasalukuyang kalagayan ng Filipinolohiya sa PUP? Kaugnay nito ay hinati sa tatlong seksiyon ang pananaliksik na ito: intelektuwal na talambuhay ni Ka Bay, kasaysayan ng pagkatatag at katangian ng Filipinolohiyang itinatag niya, at ang paglalahad ng kasalukuyang kalagayan nito sa PUP. Mahalaga ang pag-aaral na ito hindi lang bilang dugtong sa mga pag-aaral ukol sa mga Pilipino kundi bilang paraan na rin ng pagdalumat sa binuong konsepto ng mga Pilipinong iskolar na mahalagang sangkap para sa pagsasateorya at pagsasapraktika ng mga solusyon sa mga suliraning pambansa.

**Mga Susing Salita**: Abadilla, Filipino, Filipinolohiya, Epistemolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, PUP

*This paper provides a discussion and analysis of Bayani S. Abadilla's role in the founding of Filipinology in PUP. Known as a nationalist and promoter of Filipino Epistemology, Abadilla's intellectual life as a writer, teacher, and member of caused-oriented group is compared to the characteristics of Filipinolohiya/Filipinology of PUP. Using content analysis method, this paper answersthe following questions: Who is Bayani S. Abadilla as a scholar and founder ofFilipinol-ohiya/Filipinology? What are the characteristics of and how has this kind of Filipinolohiya in PUP been established? What is the current status of Filipinolohiya in PUP? In line with this, the paper is divided into three sections: the intellectual life of Bayani S.Abadilla, characteristics and history of his Filipinology, and its current status in PUP. This study is valuable not only because of its contributions about Filipinos but also as a way of understanding the concepts created by Filipino scholars whose studies are important in the theorizing and application of solutions to national problems.*

*Keywords: Abadilla, Filipino, Filipinolohiya, Filipino Epistemology, Pilipinolohiya, PUP.*

Copyright © 2020 by De La Salle University

"Kailangang humupa, lalong mabuti ay mawala ang pagdududa ng mga Filipinong intelektuwal sa sarili niyang kakayahang makabuo ng bago, sarili at orihinal sa wikang nag-uugnay sa kaniya sa kalinangang bayan. Ang lalong mainam ay kumalat ang kamalayang ito sa hanay ng mga bago at sumisibol na intelektuwal"
( Rosario Torres-Yu).

## Bakit: Ang binhi ng pag-aaral

Bagamat may mga pag-aalinlangan pa rin ang iba ay malawak na ang mga naging pagtalakay sa mga konsepto at programang pang-akademiko ng Pilipinolohiya, Araling Pilipino o Philippine Studies ng UP. Bilang akademikong programa ay may naging mga katumbas na rin ito sa ibang pamantasan. Mayroon na ring Araling P/Filipino ang De La Salle University ( DLSU), Ateneo, University of Santo Tomas (UST), Pilipinolohiya sa Pamantasang Lungsod ng Marikina (PLMar) at may Filipinolohiya naman sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP). May malinaw na ring tugon ang mga indibidwal na iskolar sa usapin, kurso, at disiplinang Pilipinolohiya/Araling P/Filipino kaya madalas na itong nagiging paksa ng mga pag-aaral.

Isa sa mga mahalagang pag-aaral ay isinulat ni Rodriguez-Tatel (2015) na may pamagat na "Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino" at tinalakay ang pinagmulan ng konsepto at pinagdaanan nitong kasaysayan—mula sa aspirasyon ni Rizal na hindi naisakatuparan at tumagos sa hanay nina Enriquez, Salazar, at Covar. Sa papel na ito ay matagumpay na natalakay ni Tatel ang pagsilang ng Araling Pilipino/Pilipinolohiya upang higit na maunawaan at masaliksik ang pag-iisip, kalagayang pangkultura at pambansa ng Pilipinas. Sa pagsusuri ng mga naisulat na di-gradwado at gradwadong papel sa Departamento ng Filipino at Panitikang Pilipino (DFPP) at sa Tri-College ng UP ay napatunayan ng pananaliksik na ito na may kakayahan ang mga Pilipino na bumuo ng mga kaalaman at karunungan mula sa sariling karanasan sa lipunan.

Mahalaga ring pag-aaral ang papel-disertasyon ni Mojica (2019) na "Ang diskurso ng Araling Filpino ng DLSU - Departamento ng Filipino." Mula sa mga tesis ng gradwadong antas at iskolarling pananaliksik na sinuri ay napatunayan ni Mojica sa kaniyang pag-aaral ang pagkakaroon ng kamalayan ng mga mananaliksik sa malawak na paksa ng diskurso mula sa mga lokal, rehiyonal, at internasyonal na kalagayan, multidisiplinal at nag-aambag ng mga bagong dalumat at metodo para sa pag-unawa at pagsusuri ng kongkretong kalagayan at mga karanasan ng tao. Bagamat naitampok din ang mga pangalan ng tagapagtatag sa UP ng Araling Pilipino, ay nabigyan din ng diin sa papel na ito ang mga pangalan nina Isagani Cruz at Andrew Gonzalez kaugnay ng pagsibol ng Araling Filipino sa DLSU. Gaya ng papel ni Tatel, binigyang halaga rin ni Mojica ang basikong impormasyon na ang konsepto ng Araling Pilipino ay nagsimula pa sa panahon ni Rizal at patuloy na nagiging bahagi ng naratibo ng pagkakaroon ng kurso kundi man ay larangan na ukol sa ating mga Pilipino.

Sa dalawang papel na ito, nilayon ng mga mananaliksik na maanalisa ang mga araling nagtatampok ng konsepto at pilosopiyang inaasahang makapagpapaunlad sa kalagayang pambansa ng Pilipinas. Sa ganitong layunin, parehong binanggit ng mga pag-aaral na ito ang ukol sa Filipinolohiya ng PUP bilang katumbas kundi man ay kaugnay ng Pilipinolohiya at Araling Pilipino. Sa pagbanggit na ito, nabuo ang hamon sa akin. Bilang dalubguro sa Kagawaran ng Filipinolohiya sa PUP, napaisip ako kung bakit napakaikli ng pagbanggit ng nasabing mga pag-aaral sa AB Filipinolohiya samantalang halos dalawampung (20) taon na itong umiiral bilang akademikong programa at yunit ng sistema ng unibersidad. Isa pang nakakuha ng aking pansin ay ang hindi pagbanggit sa mga iskolar at tagapagtatag ng konsepto nito gaya ni Prop. Bayani S. Abadilla na isa sa naging matibay na tagapagsulong ng Filipinolohiya sa PUP. Dahil dito, nasabi kong panahon nang mapaunlad ang pagkilala at pag-unawa hindi lang sa programa kundi sa mismong iskolar at tagapagtatag ng Filipinolohiya sa PUP. At ito ang dahilan ng pag-aaral na ito.

## Ang ano at paano: Ang direksiyon ng pag aaral

Nilalayong sagutin ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod: 1) Sino si Prop. Bayani Abadilla bilang iskolar at tagapagsulong ng Filipinolohiya? 2) Ano ang katangian at paano niya ipinunla ang Filipinolohiya sa PUP? 3) Ano ang kasalukuyang kalagayan ng Filipinolohiya sa PUP?

Sasagutin ang una sa pamamagitan ng pagbuo ng intelektuwal na talambuhay ni Bayani Abadilla. Upang magawa ito ay pinagtiyap-tiyap o pinagsanib ang mga impormasyon mula sa iba-ibang nasulat na teksto at mga pahayag na tumalakay kay Bayani Abadilla. Para sa suliraning ikalawa ay ginamit na salalayan ang tala at dokumentong historikal ng pagkakatatag ng Filipinolohiya sa PUP. Ginamit din ang tematikong pagsusuri sa dalawang pangunahing artikulo ni Abadilla na may direktang pagtalakay sa Filipinolohiya—ang "Epistemolohiyang Filipino sa Karunungang Pilipino" at "Wisyo ng Konseptong Filipinolohiya." Ang una ay nalathala sa *Filipinolohiya* (Bolyum 1, S 2002. Lathalain ng Hulyo-Disyembre 2002[1]), opisyal na jornal ng Kagawaran ng Filipino sa PUP. Ang ikalawa naman ay ibinahagi ni Bayani Abadilla noong Agosto 20, 2004 sa Bulwagang Amado V. Hernandez ng PUP.

Sa pagsusuri ng dalawang akda ay hinanap ang mga sumusunod na tema: kahulugan, saklaw, halaga o kahalagahan, at metodo o pamamaraan ng Filipinolohiya ayon kay Abadilla. Kaugnay nito ay ginawa ang mga sumusunod na hakbang matapos basahin at unawain nang mabuti ang dalawang akda: 1) Inilarawan ang pisikal na katangian ng akda; 2) Ibinuod at pinagkumpara ang mga bahagi ng bawat akda; 3) Hinanap at itinala ang mga bahaging magkakapareho sa paksa at mensahe; 4) Sinuri ang nilalaman ng bahaging magkapareho at tiyakang sumasagot sa mga temang isinaad sa unang bahagi ng talatang ito.

### Si Bayani Abadilla ay si Ka Bay

Bunga ng pagmamahalan nina Alejandro G. Abadilla[2] at Cristina Singalawa, isinilang noong Setyembre 17, 1940 sa Almeda Tondo, Maynila, si Bayani Abadilla na kalaunan ay mas nakilala sa tawag na Ka Bay ng mga naging kasama at kaibigan. Dahil sa kadulasan ng gamit at pagiging pamilyar ay gagamitin ko ang Ka Bay bilang panawag kay Bayani Abadilla sa kabuuang susunod na mga bahagi ng papel na ito.

Sa edad na 67, dahil sa Lymphoma, Mayo 14, 2008 pumanaw si Ka Bay. Naulila niya hindi lang ang kaniyang asawang si Patricia at mga anak na sina Magtanggol, Lualhati, Malaya, at Filipinas (pinoyweekly) kundi pati ang maraming Pilipino o kung mas tama, ang masang Pilipino. Gayunman ay may iniwan siyang mahalagang pamana at ito ay ang konsepto, teorya, at disiplina ng Filipinolohiya na maituturing na repleksiyon ng kaniyang buhay-intelektuwal.

Maliban sa totoong pagka-Bayani ng kaniyang pangalan ay maraming naging papuring taguring-bayani ang iba-ibang manunulat kay Ka Bay mula noong siya ay pumanaw: Bayani siya ng mga Pilipino (Vital), Bayani ng pakikibaka (Marasigan), Bayani ng nakaraan at kasalukuyang panahon (pinoyweekly), at Bayani at mabuting anak ng bayan (Sigliwa). Alin at alinman, ang pagkabayani ni Ka Bay ay maiuugat sa tatlong pangunahing batis ng kaniyang buhay-intelektuwal: bilang manunulat, guro, at bahagi ng kilusan kung saan inangkin niya at inangkin siya ng lipunan at masang Pilipino. Ang tatlong batis na ito ang maituturing na sulo upang isulong niya ang Filipinolohiya.

Bilang manunulat, si Ka Bay ay naging mahusay na tagapagtaguyod ng sariling wika. Hindi nakapagtataka dahil anak siya ng tanyag na manunulat sa wikang Tagalog na si Alejandro G. Abadilla (AGA), at nagtapos sa Manuel L. Quezon University (MLQU) ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon, mejor ng Pilipino[3]. Sa pamantasang iyon nagsimula at nahasa ang kaniyang husay sa pagsulat. Naging literary editor ng *Quezonian* at kalaunan ay naging punong editor ng jornal na *Sulu ng Wika* ng nasabing unibersidad (Rio). Naging mamamahayag din si Ka Bay. Maliban sa pagiging kontribyutor ay nagsilbi rin siyang katuwang na editor at tagapamahalang editor ng *Bisig*[4]. Nagsulat sa *Ang Masa* at *Diario Uno*, broadsheet sa Filipino ng administrasyong Estrada (pinoyweekly). Naging patnugot sa balita at kalaunan ay naging katuwang na patnugot (Marasigan) ng *Pinoy Weekly* na isang progresibong lingguhang pahayagan (Vital).

Bagamat nakalilikha siya ng iba-ibang genre ng panitikan, ang pagsulat ng tula ang pangunahing uri ng kaniyang panulat. Marami sa kaniyang akda ay hindi nalathala dahil sa limbagan ng PUP lang ang nais niyang maglathala ng kaniyang mga akda (Rio). May mga akda rin siyang nagwagi sa mga timpalak na itinaguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)

gaya ng tulang “Pulso ng lagim sa bakuran ng hilahil” at “Ang kasaysayan sa sanga ng panahon” (Rio). Taong 2006 nang mailathala ng Prometheus Publishing Corporation ang kaniyang aklat na may pamagat na *Sigliwa Kamao*. Dahil dakilang mangingibig ng bayang Pilipinas (Contreras na kay Vital), lahat ng panulat ni Ka Bay pampanitikan man o pananaliksik ay ukol sa problemang panlipunan—kaapihan, kawalang katarungan, at kahirapan (Rio) na hindi lamang nagmumulat sa uring anakpawis kundi minsa’y nanghihikayat (Ordonez 125) ng mga pagkilos.

Bilang guro, sa Philippine College of Commerce (PCC)[5] nagsimula si Ka Bay. Taong 1970 nagturo siya ng Pilipino at pamamahayag ngunit nang ibinagsak ang batas militar ay umalis siya sa pagtuturo sa PCC kasabay ng pag-alis ni Prudente at pansamantalang nagnegosyo ng suplay sa elektrikal motor (Rio). Muli siyang bumalik sa pagtuturo sa PUP noong alisin ang batas militar at naibalik si Prudente bilang pangulo nito. Kasabay ng kaniyang muling pagtuturo ang pag-oorganisa sa hanay ng mga guro, empleyado, at mga mag-aaral (Vital) sa PUP.

Si Ka Bay ang nanguna sa pagtatag ng Unyon ng mga Guro sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (Barcelona). Isa sa mga inasam niyang pangarap noon bilang guro sa PUP ay ang makapagtayo ng Sentro ng Filipinolohiya (Rio) para sa lubos na pagsusulong ng epistemolohiyang Pilipino—ang itinuturing niyang talino ng mga Pilipino batay sa karanasan ng bayan—sininop ng sistema ng edukasyon upang maging karunungang namamatnubay sa bayang patuloy na lumilikha ng mga pangangailangang panlipunan para sa kabutihan, kaginhawahan, at katiwasayan ng sambayanan (Abadilla 12).

Bilang bahagi ng kilusan, si Ka Bay ay unang naging aktibong kasapi ng Samahan ng mga Demokratikong Kabataan (SDK) na nakabase sa MLQU (Rio) at kalaunan ay ng Unang Sigwa (First Quarter Storm) kasama ang iba pang kapuwa kabataan at manunulat na tutol sa pamahalaan at gobyernong Marcos. Kaya naman tinawag siyang beterano ng First Quarter Storm ng kaniyang mga kasama (Lumbera; Santos; Arao). Bahagi ng kaniyang partisipasyon sa mga kilusang ito ay ang pagiging manunulat sa tinatawag na pahayagang underground at oposisyon (Santos). Ang pagkilos ni Ka Bay sa kilusan ay hindi limitado sa larangan ng sining at kultura, organisador din siya ng mga kabataang mahilig sa pagsusulat (Lumbera). Taong 1970, bago magtungo sa Rehiyon ng Cordillera at manumpa bilang kasapi ng New People’s Army (Vital) ay naging tagapag-organisa si Ka Bay ng Kabataang Makabayan sa tsapter ng Maynila. Isa rin siya sa naging tagapagtatag ng progresibong grupo ng mga manunulat na tinawag na PAKSA o Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (Rio).

Kahit tapos na ang batas militar ay nagpatuloy ang panulat ni Ka Bay sa pagsuporta sa kilusan. Ang kaniyang aklat na *Sigliwa Kamao* na naglalaman ng koleksiyon ng kaniyang mga tula (Samonte) ay testamento ng kaniyang di-matatawarang kontribusyon sa kalayaan at demokrasya, at matibay na paglaban sa imperyalismo, piyudalismo, at burukratikong kapitalismo (Vital). Tikom na kamao ang larawang nasa pabalat dahil naglalagom ito ng buhay at esensiya ng pakikipaglaban ni Ka Bay (Garcellano). Samantala ang salitang “kamao” sa pamagat ay tila tumatayo sa akronim ng pangalan ng sinuportahan niyang unyon na KAMAO (Katipunan ng mga Makabayang Obrero) noong nagsagawa ito ng istrayk sa Makabayan Publishing Corporation (Samonte).

Si Bayani Abadilla ay si Ka Bay dahil sa kaniyang pagiging manunulat/mamamahayag, guro at bahagi ng kilusan ay nagtagpo ang progresibong bayani ng panitikan, akademyang Pilipino, at ng bayang Pilipino na naglalayong maisulong ang kapakanan ng sambayanang Pilipino gamit ang wikang Filipino—ang wika ng mga Pilipino. Ang pagnanais na maisulong ang kapakanan ng sambayanang Pilipino ay ang diwa ng Filipinolohiya samantalang ang paggamit ng wikang Filipino ay ang kasangkapan o tulayan ng diwa ng Filipinolohiya.

Ang progresibong diwa at tulayan ng Filipinolohiya na masasalamin sa isinulong ni Ka Bay sa kaniyang pagiging guro, manunulat at bahagi ng kilusan ay bunga ng di-matatawarang tilamsik sa kaniyang diwa ng paninindigan ng mga progresibong manunulat na hindi lang niya hinangaan kundi naging bahagi rin ng kaniyang karanasan at katauhan. Maliban sa mga akda ng kaniyang ama na si Alejandro G. Abadilla, masasabing may malaki ring pitak sa kaniyang puso at isip ang akda ni Salvador Lopez at higit sa lahat ay ang mga akda ni Amado V. Hernandez. Bilang pagpapatunay ay sinipi ko sa puntong ito ang naging pahayag ni Ka Bay sa panayam sa kaniya ni G. Jun Cruz Reyes (isa ring batikang Pilipinong manunulat) noong 2006 at inilathala naman ni G. Soliman Santos sa *Pinoy Weekly* noong Mayo 15, 2009.

Binabasa ko na sa kolehiyo pa lang si Ka Amado. Na-expose na ako sa kaniyang *social concern* sa literature. Laging magkasama ang literature at lipunan. Ang alam ko, nagturo sa Ateneo si AVH, at noon, sumasama na siya sa mga demonstrasyon pero hindi ko siya nakikita. Ang mga kasabayan ko sa pagsusulat ay sina Rio (Virgilio Almario), Jess Santiago, Lamberto Antonio, at iba pa. Patay na si Ka Amado noon. Malaki ang impluwensiya ni Ka Amado noon sa mga batang manunulat. Sa akin, mas malaki ang impluwensiya niya sa akin kaysa kay SP (Salvador P. Lopez). Nauna ko siyang basahin kaysa kay SP. Si Ka Amado, nababasa ko na 'yung *Ibong Mandaragit* niya noon. At nakita ko 'yun bilang magandang halimbawa ng makabayang literatura. 'Yung mga nababasa ko noon sa kaniya, may *compilation* ako ng mga tula niya e, 'yung *Mga Tula ni AVH Ayon sa Pangunahing Layunin ng Edukasyon* (1926–1962), na tinipon ni Bartolome del Valle. Ibinigay ito ni Omeng (del Valle) kay AGA. Si Omeng ay titser sa Torres High School noon at kaibigan nina AVH at AGA.

Noong ako'y nasangkot sa organisasyon ng mga manunulat, ito 'yung PAKSA. Kasama ko noon sina Bien Lumbera. Madalas si AVH ang binabanggit kapag nagtatalakayan kami noon. 'Yung mga akda niyang *Ibong Mandaragit* at *Luha ng Buwaya*. Sila ni SP Lopez ang binabanggit na halimbawa, pero mas malimit si Ka Amado. 'Yung "Kung Tuyo na ang Luha Mo…" sikat na sikat 'yan. Binibigkas 'yan sa mga demonstrasyon noon. Malaki ang impluwensiya niya sa mga batang manunulat, walang duda iyon.

Ang papel ko naman, basta ang sabjek ko sa pagtuturo sa PUP (Polytechnic University of the Philippines) ay literatura, itinuturo ko si AVH. Importante para sa akin na matutunan ng mga bata ang pananaw ni Ka Amado hinggil sa ugnayan ng literatura at lipunan.

Ang pinakagusto ko sa mga tula niya ay 'yung "Kung Tuyo na ang Luha Mo…" kitang-kita ang pananaw niyang makabayan at kitang-kita 'yung pananaw niya sa lipunan. Hindi siya nasisiraan ng loob. Sabi niya sa tula, inevitable ang rebolusyon. Sabi nga, "bulkang sasabog." Nakikita niya 'yung rebolusyon ng taumbayan.

## Pagtagos sa kasaysayan ng PUP: Mula Filipino tungo sa Filipinolohiya

Sa PUP, na pampublikong pamantasan sa Pilipinas, pinili ni Ka Bay magturo, magpalathala ng mga akda at magtatag ng konseptong Filipinolohiya. May dalawang posibleng pangunahing dahilan. Una, mula sa panahon ng Manila Business School (MBS) noon hanggang sa pagiging Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas ngayon ay nananatili ang masang oryentasyon at populasyon nito. Ikalawa, sa pangunguna ni Nemesio E. Prudente, natipon sa PCC at muling nakapagsulat ang mga manunulat na may-malay sa sariling wika kagaya ni Ka Bay kasama sina Rogelio Ordonez, Ave Perez Jacob, Dominador Mirasol, Cesario Torres, Jun Cruz Reyes, Gandhi Cardenas, Fernando Samonte, Anacleto Dizon, Domingo Landicho, Edgardo Reyes, Efren Abueg, at Teresita Sayo (Rio 82). Si Prudente rin ang nagbigay-daan sa pagsilang sa PUP ng mga jornal na gaya ng *Bisig*, *Braso* at *Trends* upang maipahayag at mailathala ang mga makabayang pananaw ng mga progresibong manunulat na nagtataguyod ng sariling wika (Rio 85).

Sa panahon din ni Prudente, naitatag sa PUP noong Pebrero 1987 ang Kagawaran ng Filipino[6] bilang bahagi ng Kolehiyo ng mga Wika at Komunikasyong Pangmadla o College of Languages and Mass Communication (Rio 65). Sa ilalim ng nasabing kagawaran ay nabuo ang akademikong programang AB Filipino sa pangunguna ng Pandaylipi, Ink.[7] katuwang ang iba pang gurong manunulat na nakabase sa PUP gaya ni Ka Bay na kalaunan ay naging bahagi rin ng kaguruan ng Kagawaran ng Filipino. Hanggang sumapit ang Pebrero 28, 2001 nang matagumpay na maiharap ni Gandhi Cardenas[8] sa pulong ng University Curriculum Evaluation Committee ang plano na gawing Kagawaran ng Filipinolohiya ang Kagawaran ng Filipino at AB Filipinolohiya ang AB Filipino (Rio 66). Unang semestre ng 2001–2002 nagsimulang tumanggap ng mga mag-aaral para sa programang AB Filipinolohiya. Ang akademikong programang ito ay umiiral hanggang sa kasalukuyan bagamat kung titingnan sa talaan ng CHED Accredited Programs noong 2017 ay nakatala ito bilang Batsilyer ng Artes sa Pilipino at patuloy na nakaangkla sa CHED Memo Blg. 22 Serye 2017 na naglalaman ng mga patakaran at panuntunan para sa Batsilyer ng Sining sa Filipino.

Dahil tagapangulo noon ng kagawaran at higit na nakapronta sa mga pag-uusap at pagpupulong, si Cardenas ang siyang higit na itinuring ng nakararami na nagbuo at nagsulong ng mga nasabing pagbabago. Gaya ng pahayag ni Barcelona na si Cardenas ang may pinakamalalim na pag-aaral sa Filipinolohiya at

si Ka Bay ay naging katuwang. May ganoon din akong sapantaha dati. Ngunit nang mga sumunod na panahon nang nagsimula na akong lumahok sa pagsasaliksik para sa pagpapayabong ng Filipinolohiya ay may mga pagtatanto akong si Ka Bay ang higit na nagbuo ng dalumat ng Filipinolohiya.


May dalawang basehan ang aking pagkiling kay Ka Bay. Una ay ang sipi ng liham-kahilingan na naglalaman ng plano sa pagtatayo ng Sentro ng Filipinolohiya, ikalawa ay ang isinulat ni Ka Bay na dalawang sanaysay na direktang tumalakay sa Filipinolohiya na binanggit na sa dakong una ng papel na ito.

Kaugnay ng unang basehan, ang liham[9] ay isinulat ng dating dekana ng CLMC na si Welhelmina Cayanan na may petsang Setyembre 15, 2000. Nakaadres ito sa pangulo ng PUP noon na si Ofelia M. Carague. Natanggap din ng tanggapan niya ang nasabing liham noon ding Setyembre 15, 2000. Bigyan ng pansin na ang buwan ng Setyembre ay tatlong buwan na maaga kaysa pag-upo ni Cardenas sa pagiging tagapangulo ng Kagawaran ng Filipino noong Disyembre 2000.

Laman ng liham na ito ang paghiling ni Cayanan kay Carague na maglaan ng silid para sa mungkahing Sentro ng Filipinolohiya na ayon sa liham ay planong pinangungunahan ni Dr. Corazon San Juan (tagapangulo noong panahon na iyon ng Kagawaran ng Filipino sa PUP) kasama si Prop. Bayani Abadilla. Tingnan ang Figura 1 na nasa ibaba.

Kalakip ng liham na ito ang planong nilikha ni Ka Bay na nakapaloob ang rasyonale, layunin, tungkulin, ang mga magiging kagawad, badyet, at ang magiging gastos ng PUP sa pagtatatag ng nasabing Sentro ng Filipinolohiya. May tatlong inilatag na rasyonale. Una, makatugon sa kahusayang pang-akademiko ang Kagawaran ng Filipino nang matamo ng mag-aaral ng AB Filipino ang de-kalidad na edukasyon; ikalawa, mahasa ang mga guro ng kagawaran sa pananaliksik; ikatlo, magsilbing lugar ng araling-pananaliksik ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino sa antas ng batsilyer, masteral, at doktoral.[10] Makikita ito sa nilalaman ng Figura 2.

Kaugnay ng nasabing rasyonale ay ang mga layuning sumusunod: Pasiglahin ang gawaing pananaliksik ng Kagawaran ng Filipino sa *pamamagitan ng pagsinop*


Dr. Ofelia M. Carague
President

Through Dr. Samuel M. Salvador
Vice President for Academic Affairs

Dear Dr. Carague:

The Department of Filipino, headed by Dr. Corazon F. San Juan, together with Prof. Bayani Abadilla has come up with a proposal creating the "Sentro ng Filipinolohiya" aimed at producing quality research on Filipinology, as well as quality teaching materials and methodologies for bachelor's, master's and doctoral courses in Filipino.

The Department is positive that the National Commission on Culture and the Arts (NCCA) and the San Miguel Corporation can be their probable [illegible] in this worthwhile project.

May we request the university to provide the room of the center.

Rest assured, we shall always be one with you in realizing your [illegible] vision, goals and objectives for the University.


Very truly yours,

WILHELMINA N. CAYANAN
Dean, CLMC

SEP 15 2000

(Mula sa apendiks ng Tesis ni Rio)

**Figura 1**. Sipi ng liham-kahilingan para sa pagtatayo ng Sentro ng Filipinolohiya



SENTRO NG FILIPINOLOHIYA

Rasyonale

Bilang pagtugon sa kahusayang pang-akademiko (academic excellence), [illegible] ng Kagawaran ng Filipino ang Sentro ng Filipinolohiya. [illegible] gayon ay tinutugunan ng Kaguruang Filipino (Filipino faculty members) [illegible] pangangailangan sa Sentro ng Filipinolohiya upang makamit ang may kalidad na edukasyon para sa kapakanan at kagalingan ng mga estudyanteng kumukuha ng Batsilyer sa Filipino.

Bukod dito, kailangang-kailangang maitayo ang Sentro ng Filipinolohiya, sa ilalim ng pamamatnubay ng Kagawaran ng Filipino, upang mapagtuunan ng mahalagang pansin/pagsisikap ang pananaliksik, na nakalulungkot subalit isang malaking kasahulan ng mga guro.

Higit sa lahat, ang Sentro ng Filipinolohiya ay magsisilbing lugar ng [illegible] (a place for scholarly undertakings). Sentro ng Filipinolohiya ang [illegible] sa mga araling pananaliksik (research studies), na pakikinabangan ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino sa mataas na antas: batsilyer, masteral at doctoral.

Layunin ng Sentro ng Filipinolohiya

1. Pasiglahin ang gawaing pananaliksik sa Kagawaran ng Filipino
[illegible] ang mahahalagang panitikan at kaalaman sa kasaysayan ng pambansang karanasan
3. Tugunan ang oryentasyong makaagham at malikhain sa paghahalungkat ng mga karunungan, sa panahong ito ng teknolohiya ng impormasyon

(Mula sa apendiks ng Tesis ni Rio)


**Figura 2.** Unang pahina ng kalakip ng liham

(akin ang diin) sa mahahalagang panitikan at kaalaman sa kasaysayan ng pambansang karanasan; Tugunan ang oryentasyong maka-agham at malikhain sa pagbabalangkas ng mga karunungan sa panahon ng teknolohiya at impormasyon; Imulat ang kaguruan at mga estudyante sa mga nagaganap at patuloy na nagbabagong kapaligiran sa loob at labas ng bansa; Panatilihin ang interes ng mga propesor at mga estudyante sa makulay na tradisyon ng karunungan. Mababasa ito sa Figura 2 hanggang sa Figura 3.

Mula pa rin sa bahaging ito ng liham, nakasaad na ang mga magiging tungkulin at gawain ng nasabing sentro ay kapapalooban ng pagsasaliksik sa mga kaalamang makabuluhan sa mga nagpapakadalubhasa sa Filipino, pangangalap ng mga nakalipas at kasalukuyang pangyayaring pangkarunungan sa larangan ng wika, literatura, sining, humanidades, sosyolohiya o lahat ng kaalamang may kaugnayan sa Filipinolohiya, magtakda ng mahahalagang komperensiya, seminar at palihan para sa kagalingang pang-akademiko, maglimbag ng mga sulatin sa pananaliksik at magsinop sa aklatan ng Sentro ng Filipinolohiya ng mga aralin-pananaliksik na ang magiging pangkalahatang tema ay "Sikhayang Filipino sa Bagong Milenyo" (Figura 3).

Samantalang ang planong pinansiyal naman ang nilalaman ng Figura 4, na mababasa ang magiging papel ng PUP sa pagtataguyod ng nasabing sentro. Nakalagay sa nasabing bahagi ng plano na ang magiging tagapangulo, tagapamahala sa pananaliksik at mga enkoder ay *iminumungkahing* (akin ang diin) pagkakalooban ng Special Order ng Pangulo ng unibersidad upang mapagkalooban sila ng suweldo mula sa pondo ng PUP. Makikita rin sa bahaging ito ang planong kumuha ng pinansiyal na suporta mula sa NCCA at San Miguel Corporation.

Sa pangkalahatan, mula sa liham at maging sa kalakip na pahina na naglalaman ng rasyonale, layunin, at gampanin ay masasalamin ang pagnanais ni Ka Bay



4. [illegible] ng kaguruan at mga estudyante sa mga [illegible] patuloy na nagbabagong kapaligiran sa loob at labas ng bansa
5. Panatilihin ang interes ng mga propesor at mga estudyante sa makulay na tradisyon ng karunungan

Tungkulin o Gawain ng Sentro ng Filipinolohiya

1. Magsaliksik ng mga kaalamang makasaulahan para sa mga nagpapakadalubhasa sa Filipino
2. Mangalap ng mga nakalipas at kasalukuyang mga kaganapang pangkarunungan sa larangan ng wika, literatura, sining, humanidades, sosyolohiya o lahat ng kaalamang may kaugnayan sa Filipinolohiya
3. Magtakda ng mahahalagang kumperensiya, seminar at palihan para sa kagalingang pang-akademiko
4. Maglimbag ng mga sulatin sa pananaliksik
5. Magtinop sa aklatan ng Sentro ng Filipinolohiya ng mga araling pananaliksik (Ang mga sulating-pananaliksik ay nakatuon sa pangkalahatang tema ng "Sikhayang Filipino sa Bagong Milenyo")


Mga Kagawad ng Sentro ng Filipinolohiya

1. Tagapangulo
2. Lupon ng mga kagawad
3. Direktor ng mga proyekto sa pananaliksik
4. Enkoder sa kompyuter

Ang lupon ng mga kagawad na bubuuin ng tagapangulo at apat na kagawad na manggagaling sa kaguruan (faculty) ay magpapalang [illegible] kagawad na manggagaling sa kaguruan ... ikaapat na buwan ng taon upang bumalangkas ng gawaing pananaliksik.

(Mula sa apendiks ng Tesis ni Rio)

**Figura 3.** Ikalawang pahina ng kalakip ng liham



Badyet ng Sentro ng Filipinolohiya

1. Makakukuha ng pondo sa National Commission on Culture and the Arts (NCAA)
2. Makakukuha rin ng pondo sa mga pribadong kumpanya tulad ng San Miguel Corp., at iba pa

Ano ang Gastos ng PUP?

1. Ang mga kawani ng Sentro ay magmumula sa kaguruan ng Kagawaran ng Filipino. Sila ay tutugon sa tungkulin sa bisa ng Special Order (SO) ng Pangulo ng Unibersidad.
2. [illegible]
   a. Tagapangulo
   b. Tagapamahala sa pananaliksik
   c. Encoder

(Mula sa apendiks ng Tesis ni Rio)

**Figura 4**. Ikatlong pahina ng kalakip ng liham

na gawing armas sa pananaliksik ukol sa Filipinolohiya ang nasabing sentro. Malinaw na ang direksiyon ng pananaliksik ay para sa pagtatamo ng karunungan ng mga guro at mag-aaral, ang pokus ng sasaliksikin ay hindi lang ang Filipinong wika kundi lahat ng kaalaman at karanasang may kinalaman sa mga Pilipino noon at ngayon, sa loob at labas ng bansa, sa panahon ng pag-iral ng teknolohiya at impormasyon sa gabay at oryentasyon ng agham at sining. Ang mga binanggit na mga gagawing hakbang para matamo ang mga ito ay ang pagsasagawa ng mga komperensiya, seminar, palihan o worksyap, at paglilimbag.

Maliban sa pagtatangkang magtatag ng Sentro ng Filipinolohiya, pisikal at aktibong naging bahagi si Ka Bay ng mga hakbangin ng Kagawaran ng Filipinolohiya kasama si Cardenas, at ang SADAFIL (Samahan ng mga dalubguro sa Filipino). Lagi siyang tagapagsalita sa mga lektura at forum para higit na maipaliwanag ang Filipinolohiya sa mga guro at mag-aaral (Austero; Layos). Pinangunahan din niya ang paglikha ng mga komite sa paghahanda at pagsusulat ng mga jornal at teksbuk ng iba-ibang kurso noon sa Filipino (Rio 84; Austero). Sa mga akda o sanaysay niyang nalikha, dalawa ang masasabing higit na nakatuon sa Filipinolohiya at tila naging bibliya ng mga guro at mag-aaral sa PUP para sa pag-aaral ng Filipinolohiya mula noon hanggang ngayon. Sa dalawang akdang ito higit na masasalamin ang katangian ng Filipinolohiyang itinaguyod ni Ka Bay sa PUP. Ito ang papaksain sa susunod na bahagi.

## Ang wisyo at epistemolohiya: Konsepto ng Filipinolohiyang isinulong sa PUP

Ang unang sanaysay na "Epistemolohiyang Filipino sa Karunungang Pilipino" ay may 19 na pahina at hinati sa walong bahagi. Sa simulang bahagi ay binanggit ni Ka Bay na ang layunin ng sanaysay na ito ay linawin o talakayin ang karunungang Pilipino batay sa siyentipikong batayan o pamantayan. Samantala ang ikalawang sanaysay na "Wisyo ng Konseptong Filipinolohiya" ay may 23 pahina na hinati naman sa pitong bahagi. Layunin nito na talakayin ang konseptong Pilipino para sa kapakanang pagtuturo at pag-aaral sa PUP at paksain ang katotohanan at karunungan ayon sa konteksto ng pambansang karanasan at kamalayan.

Ang dalawang nasabing sanaysay ay may malaking pagkakatulad at pagkakaugnay kung ang pagbabatayan ay ang paksa ng kabuuang akda gayundin ng mga bahagi nito. Sa walong bahagi ng "Epistemolohiya" at sa pitong bahagi ng "Wisyo" ay may limang subtopic na mabubuo. Ito ay ang mga sumusunod: 1) Mahalaga ang karunungan o talino dahil kaugnay ito ng larangan ng siyensiya at sining na mahalagang mga aspekto sa pagsulong ng isang bansa gaya ng Pilipinas; 2) na may likas at sinaunang kasaysayan ang Pilipinas na basehan at patunay ng mabuting karunungang Pilipino; 3) ngunit nawala ito dahil sa mapaniil na pananakop ng mga dayuhan at hindi mabuting karanasan sa kamay ng mga mananakop; 4) dahil sa ganitong pangyayari, nalikha ang mga naghaharing-uri sa ekonomiya, politika na tumagos maging sa kultura ng Pilipinas; 5) sa huli ay malinaw na ang iminumungkahing solusyon sa problemang politikal, ekonomikal, at kultural ng Pilipinas ay ang Filipinolohiya.

## Ang konsepto ng Filipinolohiya bilang disiplina

Sa dalawang akdang ito ni Ka Bay, mababasa ang ideya na magkaugnay ang epistemolohiyang Pilipino at Filipinolohiya. Sa pahina 21 ng sanaysay na "Wisyo," isinaad na ang lunsaran at sinupan ng pambansang karunungan na tumutukoy sa Filipinolohiya ay ang epistemolohiya. At kung ang epistemolohiyang Pilipino ay tinatawag din ni Ka Bay na karunungang Pilipino gaya ng nakalagay sa pahina 12 ng akdang "Epistemolohiya," masasabing ang tinutukoy ni Ka Bay na Karunungang Pilipino, Epistemolohiyang Pilipino, at Filipinolohiya ay iisa. At kung gayon ay maaaring pagsanibin ang mga ipinahayag niya ukol sa mga ito para masuri at maipaliwanag ang konsepto ng disiplina ng Filipinolohiya na isinulong niya sa PUP.

May sinipi akong apat na kahulugan ng Filipinolohiya mula sa dalawang artikulo na mahalagang ibahagi sa puntong ito:

1. Ang Filipinolohiya ay (kilatis *ng talino* ng madla na gumagana o tumutugon sa kahingian ng panahon sa batas ng kasaysayan) ang hilab ng pamumuhay sa **bansa** na itinatadhana *ng talino* sa paggawa sa simbuyo ng *kalayaan* at antas ng *kasarinlan* o soberanya (Epistemolohiya 13).
2. **Karunungan ng sambayanan na** hango sa malawak na ***karanasan* ng sambayanan** na sinisinop sa mga teorya, prinsipyo, at mga likhahuwaran ng mga piling *talino.* Tanging (sa) Filipinolohiya lamang maitatampok ang ***pambansang kalinangan*** na tunay na Pilipino sa diwa at gawa (Epistemolohiya17).

3. Aktibong mawawasak ang pagkamakasarili sa kolektibong sarili ng mga uri ng pagkatao sa lipunan sa pamamagitan lamang ng **karunungang Pilipino, na mula sa mga karanasan ng sambayanang Pilipino sa Luzon, Visayas, at Mindanaw**—sinisinop ng akademya—para sa kaunlaran ng bansa at kabutihan ng sambayanang Pilipino (Wisyo 21).
4. Epistemolohiya, agham ng **karunungan**, ang lunsaran at sinupan ng **pambansang karunungan** na Filipinolohiya: pilosopiyang <u>Pilipino</u>, lohikang <u>Pilipino,</u> at paninindigang <u>Pilipino</u> (Wisyo 21).

Sa apat na kahulugan ng Filipinolohiya mula sa dalawang sanaysay lumutang ang mga salita/ terminolohiya na Pilipino, bayan, sambayanan, pambansa, kalinangan, kaunlaran, karanasan, talino, karunungan. Para sa akin ay mahalagang maisaalang-alang ang mga ito bilang bahagi ng pinakaubod ng kahulugan ng Filipinolohiya ni Ka Bay. Kaya naman mahalagang maging bahagi ang mga ito ng bubuuing konsepto ng kahulugan ng Filipinolohiya kasama ang iba pang mahahalagang ideyang nakapaloob sa apat na kahulugan ni Ka Bay. Dahil sa bigat ng dating, mahalagang kunin mula sa mga piniling kahulugan ang mga sumusunod na parirala:

- (mula sa kahulugan bilang 1) ang hilab ng pamumuhay sa bansa na itinatadhana *ng talino* sa paggawa sa simbuyo ng *kalayaan* at antas ng *kasarinlan* o soberanya;
- *(* kahulugan 2) *sinisinop sa mga teorya, prinsipyo at mga likhahuwaran*);
- *(* kahulugan 3) mula... sa Luzon, Visayas at Mindanaw—sinisinop ng akademya—para sa kaunlaran ng bansa at kabutihan ng sambayanang Pilipino;
- (kahulugan 4) agham ng karunungan, ang lunsaran at sinupan/pilosopiyang Pilipino, lohikang Pilipino, at paninindigang Pilipino

Sa kabuuan, ang mga kahulugan na ito ng Filipinolohiya para kay Ka Bay ay maaaring pag-isahin at katasin bilang: ***ang agham ng pag-aaral ukol sa mga Pilipino, sa bayan, sa sambayanan, sa pambansang kalinangan, kaunlaran, karanasan, talino, at karunungang Pilipino mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao sa pangunguna ng akademya, gamit ang mga teorya, prinsipyo, at likhahuwaran ng pilosopiyang Pilipino, lohikang Pilipino, at paninindigang Pilipino na ibinunga ng talino ng paggawa at tugon sa kalayaan at antas ng kasarinlan o soberanya para sa kaunlaran ng bansa at kabutihan ng sambayanang Pilipino.***

Saklaw ng pag-aaral ng Filipinolohiya para kay Ka Bay, ang mga dimensiyon ng politika, ekonomiya, at kultura ng Pilipinas na mula at tungo sa karunungan at karanasan ng kabuuan ng bansa bilang Luzon, Visayas, at Mindanao. Magiging giya o tuntungan nito bilang disiplina ang mga teorya at prinsipyo ng Pilosopiyang Pilipino, Lohikang Pilipino, at Paninindigang Pilipino na babatay sa Epistemolohiya o maagham na karunungang Pilipino gamit ang wikang Filipino na kumakatawan sa lahat ng mga wika sa Pilipinas, ang tanging wika upang maging makatao, makalipunan, makabayan, at may pandaigdigang pananaw ang talino ng sambayanang Pilipino. Gayunman ay mananatiling bukas ang Filipinolohiya sa ibang dayong wika gaya ng wikang Ingles para sa pagpapanatili ng ugnayan at paggalang sa kalinangan ng ibang bansa.

Kung magkagayon, kaugnay ng sinundang talataan ay maitatampok ang pambansang halaga at gampanin ng Filipinolohiya (Abadilla 16-18). Una, sa pamamagitan ng Filipinolohiya ay magiging makatuturan ang talino ng mga Pilipino sapagkat ang talino ay gagamiting patnubay upang ang bayan ay makalikha ng matiwasay, maluwalhati, at magandang kapalaran. Ikalawa, ang pambansang kalayaan at pag-unlad ay posibleng maganap sa pamamagitan ng Filipinolohiya dahil maitatampok nito ang pambansang kalinangan na tunay na Pilipino sa diwa at gawa, matalino at malayang makatutugon sa pambansang industriyalisasyon at modernisasyon ng agrikultura; magiging matino ang sistema ng edukasyon dahil ang karunungan ng sambayanan ay magmumula sa malawak na karanasan ng sambayanan na sinisinop sa pamamagitan ng mga teorya, prinsipyo, at mga likhahuwaran ng mga piling talino; at higit sa lahat, ang may-ari at makikinabang sa kabuluhan ng karunungan ay ang lipunang Pilipino.

Bilang disiplina, paninindigan ni Ka Bay na mangibabaw sa Filipinolohiya ang papel ng edukasyong nasa antas ng tersiyarya na nakikita niya ang kapasidad ng mga guro gayundin ng mga mag-aaral na magsimula ng pagbabago gamit ang wikang Filipino. Kaugnay nito ay iminumungkahi niya ang sumusunod na mga pamamaraan:

Una: ang paggamit ng dulog sa pagtuturo at pagkatuto na lilinang sa pagkamakabayan na ang

sentro o pokus ay pagkataong Pilipino at makataong kaunlarang tatamasahin ng buong sambayanan.

Pangalawa: Resiprokal at pantay na ugnayan ng guro at mag-aaral sa sitwasyong pedagohikal sa pagtatamo ng talinong panlipunan.

Ikatlo: May pananagutang oryentasyon sa pagtuturo na nangangahulugan higit sa lahat na dapat makita ng guro ang kanilang pananagutan na magpanatili o magwasak ng mapaminsalang talinong matagal nang nakasanib sa kamalayang panlipunan ng kabihasnang Pilipino.

Ikaapat: Pagtataas ng gamit ng wikang Filipino hindi bilang midyum lamang ng pagtuturo kundi sa halip ay bilang pinanggagalingan ng mga kaalaman na ukol sa pagkatao, pagkabayan, pagkamamamayan, at pagkalahi ng mga Pilipino.

Bagamat hindi layunin ng papel na ito na ikumpara ang Filipinolohiya sa Pilipinolohiya o Araling P/Filipino ng UP, DLSU, at ng iba pang pamantasan, maaaring bigyan ng diin sa puntong ito na ang Filipinolohiya na nais itatag [11] ni Ka Bay sa PUP ay kaugnay rin ng mga nauna ngunit may sarili itong kahayagan at katangian ayon sa pagkokonseptuwalisa at pagpaplano ni Ka Bay.

Mula sa kahulugang nabuo ukol sa Filipinolohiya na binanggit sa pahina 18 ng papel na ito ay masasabing gaya ng Pilipinolohiya ng UP at Araling Filipino ng DLSU, ang Filipinolohiya ni Ka Bay sa kabuuan ay naglalayon ding isulong ang kagalingan at kapakanang Pilipino sa pamamagitan ng Wikang Filipino.

Katulad din ito ng Pilipinolohiya (ni Covar) ng UP (na kinapapalooban din ng Pantayong Pananaw ni Zeus Zalazar, ng Sikolohiyang Pilipino ni Virgilio Enriquez) na nakatuon sa Pilipino bilang paksa, Filipino bilang wika ng pananaliksik at talastasang akademiko, at may kabuluhan para sa mga Pilipino (Rodriguez-Tatel 141). Gayundin ng Araling Filipino ng Departamento ng Filipino ng DLSU na may kakayahang makalikha ng sariling mga teorya, konsepto, at metodo ng pananaliksik, makapag-ambag ng mga bagong dalumat at metodo na magagamit sa pag-unawa sa mga karanasan ng mga Filipino, sa mga sitwasyong kanilang kinalalagyan, sa kanilang kultura, at sa lipunang ginagalawan (Mojica 362).

Kung ang tuon ng Pilipinolohiya ay "sistematikong pag-aaral" ukol sa tatlong larangan ng Kapilipinuhan: kaisipan, kultura, at lipunang Pilipino (Rodriguez-Tatel 118), at ang Araling Filipino ng Departamento ng Filipino sa DLSU ay nakatuon sa wika, kultura, at midya (Mojica 13), ang Filipinolohiyang isinulong ni Ka Bay sa PUP ay higit na nakatuon sa ugnayan ng Wikang Filipino, sistema ng Edukasyong Pilipino, at Lipunang Pilipino.

Wikang Filipino at hindi simpleng wika sapagkat tiniyak ni Ka Bay sa kaniyang akdang Epistemolohiya (p.14) na ang Wikang Filipino ay hindi lang midyum ng Filipinolohiya kundi sa manapa ay sumasalamin sa pagkatao, pagkabayan, pagkamamamayan, at pagkalahi ng mga Pilipino dahil taglay nito bilang midyum ng Filipinolohiya ang katangian bilang bigkis ng iba-ibang wika—lalawiganin o bernakular, *katangiang* (akin ang diin) tanging makalilinang sa talino ng sambayanan na makatao, makalipunan, makabayan, at may pandaigdigang pananaw (Wisyo 21).

May pangarap si Ka Bay sa sistema ng Edukasyong Pilipino lalo at higit sa antas ng tersiyaryo na pag-aari ng estado gaya ng PUP. Sa mataas na pagtingin ni Ka Bay sa mahalagang papel ng akademya sa karunungang Pilipino o Filipinolohiya ay nakapaloob din ang pag-asam niya sa mabuting papel ng mga guro sa paggabay sa mga mag-aaral para makamit ang karunungang Pilipino. Makikita ito sa mga pahayag niya sa kaniyang dalawang sanaysay:

- Sa katuturang akademiko, ang Filipinolohiya ay ukol sa mga kursong dapat bukal ng mga katalinuhang panlipunan na **interaktibong pinagsisikhayan ng guro at estudyante sa sitwasyong pedagohika**l (Wisyo 21).
- **May pananagutan ang mga guro sa akademya sa pananatili ng mapaminsalang talinong nakasanib sa kamalayang panlipunan ng kabihasnang Pilipino**. Dapat magtika ang kaguruan at magiting na harapin ang marawal at malagim na reyalidad (Wisyo 21).
- Ang makatuturang pedagohiya (pagtuturo at pag-aaral) ay dapat na nakatuon sa paglinang ng pagkamakabayan (nationalism) ng pagkataong Pilipino at makataong kaunlarang tatamasahin ng buong sambayanan. Tanging konseptong demokrasya—hilab Filipinolohiya ang makatuturang patnubay ng talino ng bayan na lumilikha ng kaniyang kapalarang matiwasay, maluwalhati at maganda (Epistemolohiya 17).

Samakatwid ay may mataas na pagpapahalaga si Ka Bay sa Wikang Filipino na para sa kaniya

ay kumakatawan sa lahat ng wika sa Pilipinas, malinaw rin ang paninindigan ni Ka Bay sa papel ng edukasyon—lalo at higit ng mga guro sa pagsusulong ng karunungang Pilipino na para sa kaniya ay higit na mahalaga upang mahubog at mapaunlad ang kakayahan ng mga Pilipino na magsuri (pilosopiya) mangatwiran at umunawa (lohika) at humatol (paninindigan) sa mga isyung nagaganap sa loob at labas ng bansa na nakaaapekto at makaaapekto sa pambansang ekonomiya, politika, at kultural na pag-unlad ng lipunang Pilipino.

**Ang kasalukuyang hugis ng Filipinolohiya sa PUP**

Hindi naisakatuparan ang pagtatayo ng pinangarap ni Ka Bay na Sentro ng Filipinolohiya sa PUP. Mula noong 2000 na kinonseptuwalisa ito ni Ka Bay hanggang ngayon ay nananatiling krokis lang ito. Gayunman ay may positibong dating na matapos ang halos 19 na taon ay nananatili ang pangalan na Kagawaran ng Filipinolohiya bilang kapalit na pangalan ng dating Kagawaran ng Filipino at nananatili rin ang pag-aalok nito ng akademikong programang AB Filipinolohiya kapalit ng dating AB Filipino. Ngunit gaya nang binanggit ko sa pahina 10 ng papel na ito, mahalagang tuunan ng pansin na ang programang AB Filipinolohiya ay isa lang pagbabago sa katawagan ng dating AB Filipino. Hindi pa rin kasi ito nakatala (base sa talaaan ng CHED, ang nakatala sa ilalim ng PUP Sta. Mesa ay Batsilyer ng Artes sa Pilipino) sa Recognized Programs offered by Philippine Higher Education. Iba sa katangian at kahingian ng programang AB Filipino na ang katagurian ay pagpapakadalubhasa sa wika at panitikan, ang AB Filipinolohiya ay higit na mas masaklaw sapagkat maliban sa wika at panitikan ay nakatuon ito sa pag-aaral sa kabuuan ng lipunan at pagkataong Pilipino.

Gayunman ay kalakasang maituturing na kahit nananatiling AB P/Filipino sa pagkilala ng CHED, ay kakikitaan ng progreso at pag-ayon sa kahingian ng Filipinolohiya ang kurikulum ng AB Filipinolohiya, bagamat higit pa ring panitikan ang tuon ay may paglahok na ito ng ilang kursong umaayon sa kahingian ng Filipinolohiya. Ilan sa mga kursong pangmejor na sinimulang ialok sa mga mag-aaral ng programa AB Filipinolohiya noong unang semestre ng TA 2018–19 ay ang mga sumusunod: Filipinolohiya sa Pagpapaunlad Pangkomunidad, Pamamahayag sa Filipinolohiya, Filipinolohiya sa Larangan ng Akademya, Filipinolohiya sa Larangan ng Komunikasyong Pangmadla, Oryentasyon at Lapit na Interdisiplinaryo sa Filipinolohiya, Sining ng Malikhaing Pagsulat sa Filipinolohiya, at Komunikasyong Multikultural sa Filipinolohiya .

Mahalaga ring banggitin na ang kursong may pamagat na Filipinolohiya sa Pambansang Kaunlaran na may code na GE FILI 10013 ay sinimulang ituro noong unang semestre ng TA 2018–19 bilang kahingiang pangkalahatang kurso sa lahat ng mag-aaral na magsisimula na sa kolehiyo sa lahat ng sangay ng PUP. Dahil nasa ikatlong taon pa lang mula nang ialok ang nasabing mga kurso ay wala pa akong nalalaman na opisyal na pag-aaral na nagsuri sa bisa ng mga ito. At kung gayon ay nagbubukas ito ng pagkakataon na pag-aralan ng mga hanay ng iskolar sa panig ng mga mag-aaral at guro.

Buhay rin sa Kagawaran ng Filipinolohiya mula noon hanggang ngayon ang pananaliksik, publikasyon, komperensiya, lektura, at mga katulad nitong gawain lalo at naging malakas ang pakikipag-ugnayan nito sa iba pang yunit sa loob ng unibersidad at maging sa ibang pribado at pampublikong unibersidad. Isang halimbawa nito ay ang Institute for Culture and Language Studies (ICLS) na saklaw ng Office of the Vice President for Research Extension and Development ng PUP na nagtaguyod ng Salik-linang Writeshop noong Hunyo hanggang Agosto ng taong ito. Ang mga naging pangunahing tagasanay rito ay mula sa Departamento ng Filipino ng DLSU sa pamumuno ni Dr. Feorillo Petronillo Demeterio. At gaya ng inaasahan ay mas maraming mga guro ng Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP ang dumalo[12] rito.

Maaaring marami pang pangyayari ukol sa Kagawaran ng Filipinolohiya at sa akademikong programang AB Filipinolohiya ang di nabanggit sa papel na ito ngunit may sipat akong malayo pa ito sa hinagap na nais ni Ka Bay. Sa loob ng halos 19 na taon na ito (Kagawaran ng Filipinolohiya) ay umiral, at ito (AB Filipinolohiya) ay napasimulan ay nananatiling may kahungkagan ang lahat dahil hindi pa rin naisasakatuparan ang Sentro ng Filipinolohiya na dapat ay nagsilbing haligi at imbakan ng pananaliksik ukol sa Filipinolohiya. Kung meron mang mga pananaliksik at paglilimbag (gaya ng sa jornal na *Filipinolohiya*) ng ilang pananaliksik ay hindi ito natatasa nang ayon sa dapat na kahingian ng Filipinolohiya dahil walang sentralisasyon ng pagsusuri at ng mismong pagsasagawa ng pananaliksik. Kung walang talas at

gabay-direksiyon ang pananaliksik na ginawa ng mga guro at maging ng mga mag-aaral ay nagiging bilang lang sa halip na kalidad ang nagiging istandard sa pagsuri sa halaga nito. May negatibo ring dating na makalipas ang maraming taon ay nananatili pa ring nasa antas lang ng batsilyer ang akademikong programa ng Filipinolohiya sa PUP sa gayon ay hindi naisasakatuparan ang mithiin ni Ka Bay na maitampok ang PUP bilang akademya na tutugon sa pokus ng Filipinolohiya na sistema ng edukasyong Pilipino, katuwang ang wikang Filipino at Lipunang Pilipino.

**Ang himalay[13] ng pagbubuo (kongklusyon ng pag-aaral)**

Makabayang manunulat, guro, at kasapi ng mga kilusang mapagpalaya si Ka Bay. Ang kahulugan ng kaniyang pagiging makabayan ay ang makatotohanang pagtatanggol at paglilingkod sa masang Pilipino laban sa patuloy na pag-iral ng imperyalismo, kapitalismo, at burukrasya. Sa lahat ng mga aparatong nagpapairal ng mga ito, itinangi niya ang lakas ng edukasyon para magwasak at magbuo sa Pilipinas. Dahil dito, nakita niya ang kapasidad ng PUP bilang pamantasan ng masa na simulan ang hinahanap niyang pagbabago sa sistema ng edukasyon. Ito ang mga maaaring dahilan kung bakit niya mahigpit na isinulong ang disiplina ng Filipinolohiya sa PUP.

Sa katawagang Filipinolohiya ay isinaalang-alang niya ang paggamit ng Filipino dahil ang taong 2000 kung kailan naitatag ang Filipinolohiya ay 13) taon lang ang layo mula sa pagkakadeklara ng pagiging wikang pambansa ng wikang Filipino. Ang taong 2000 ay kasagsagan pa rin ng maigting na pagpapatupad at pagpapalaganap ng wikang Filipino bilang wikang pambansa ng Pilipinas. Kaya naman, gaya ng nakasaad sa artikulo 14 seksiyon 6 ng Konstitusyong 1987—ang wikang Filipino ay binigyang-kahulugan din ni Ka Bay na kumakatawan sa lahat ng wika sa Pilipinas.

Ngunit mahalagang bigyang diin na sa mga sanaysay ni Ka Bay na sinuri sa papel na ito, itinampok ang wikang Filipino hindi lang bilang wika o midyum ng pagtuturo kundi bukal din ng mga kaalamang madadalumat sa pag-aaral o pananaliksik ng mga karunungan at karanasan ng mga Pilipino para masagot at mabigyang solusyon ang mga suliraning pambansa ng Pilipinas. Ang ganitong aktuwasyon ni Ka Bay ay isang positibong hakbang sa gamit ng wikang pambansa. Palayo sa karaniwang praktis na gamit at pagkulong sa pagtuturo-pag-aaral ng wikang pambansa na karaniwang umiikot sa pag-aaral ng balarila at panitikan para makapaglahad, makapaglarawan at makapagsalaysay lang. Sa halip, iniaatang ni Ka Bay sa wikang Filipino ang kakayahang magamit sa pangangatwiran upang masagot ang mga bakit at paano ng lahat ng katanungan sa sambayanang Pilipino.

Bilang konsepto at disiplina, ang Filipinolohiyang isinulong ni Ka Bay sa PUP ay mahigpit niyang iniugnay sa karunungan o Epistemolohiyang Pilipino na wikang Filipino ang nukleyo. Kabuuang pag-aaral sa mga Pilipinong talino at karanasan ang layunin nito. Kaya nakapaloob ang makabayang pagsusuri sa mga sumasaklaw at nakaaapekto sa political, ekonomikal, at kultural na dimensiyon ng pamumuhay ng mga Pilipino na ginagabayan at pinauunlad ng Pilosopiyang Pilipino, Lohikang Pilipino, at Paninindigang Pilipino.

Sa ganitong punto, maide-decode na para kay Ka Bay, ang Filipinolohiya ay hindi lang sa pamamagitan ng pag-aaral ng isang kurso o sabjek, o akademikong programa kundi sa halip ay pambuong pamantasan at kalaunan ay pambuong bansa. Na kung magkagayon, sa pamamagitan ng interaktibong ugnayan ng mga guro at mag-aaral sa akademya ay malilikha ang makabayang edukasyon na makatutugon sa *adhikain, layunin, at naisin ng bayan sa pamumuhay na matiwasay at maunlad; malusog at malikhain na kamalayan; magwawasak ng pagkamakasarili ng pagkatao at sambayanan; malilinang ang talino na makatao, makalipunan, at may pandaigdigang pananaw.*

Kaugnay ng mga sinundang talata, ang Filipinolohiyang isinulong ni Ka Bay sa PUP ay maikokonsiderang karugtong at kaugnay ng Pilipinolohiya, Araling F/Pilipino at iba pang disiplinang nag-aaral at nagtatampok ng pagka-Pilipino ng mga Pilipino. Ngunit mahalagang ikonsidera ang naiibang taglay na praksis ng Filipinolohiya. Ito ay ang praktika at teorya ng pagkamakabayan na nakakabit sa danas at talino ni Ka Bay at ang teorya at praktika ng edukasyong pampubliko ng PUP.

Ang praksis ng praktika at teorya ay nangangahulugang mula sa danas ng pagiging pampublikong guro, kritikal na manunulat, at aktibong bahagi ng kilusang mapagpalaya ay itineorya ni Ka Bay ang epistemolohiya o karunungang Pilipino bilang utak at puso ng disiplinang ang nukleyo ay ang wikang Filipino. Mula sa kaniyang karanasan, nakonseptuwalisa niya ang pangangailangang maisulong ang disiplina ng Filipinolohiya para sa

ganap na pagpapalaya at pag-unlad ng sambayanang Pilipino.

Sa kabilang banda, ang praksis ng teorya at praktika ng Filipinolohiya ay nakakabit sa oryentasyong pangmasa o pampubliko na taglay ng PUP bilang institusyong pantersiyaryo sa Pilipinas. Ibig sabihin, matapos ang marubdob na pagkatatag ni Ka Bay ng disiplina ng Filipinolohiya sa PUP ay nasa kamay na ng huli ang bola para ganap na maisulong ito (Filipinolohiya) mula sa apat na sulok ng pamantasan patungo sa lipunang Pilipino.

Naisakatuparan na ang una, maaaring nasa proseso ng teorya ang ikalawa ngunit tila malabo at naiiwan pa rin ang praktika. Ano't anuman, nasa kamay ng mga taga-PUP lalo na ng mga umuugit at nagpapakilalang tagasulong ng pamana ni Ka Bay ang direksiyon ng katuparan ng Filipinolohiya bilang Epistemolohiyang Pilipino sa lipunang matagal nang sabik sa kaganapan ng kanilang pagka-Pilipino.

## Talahuli

[1] Muli itong inilathala bilang bahagi ng nasabi ring jornal noong 2007.

[2] Isa rin sa mga dakilang manunulat na Pilipino sa kaniyang panahon. Bilang modernistang makata ay higit na nakilala sa kaniyang tulang "Ako ang Daigdig."

[3] Dating katawagan sa wikang opisyal sa pagtuturo sa Pilipinas na nakabatay sa wikang Tagalog.

[4] Isa sa mga jornal ng PUP na inilalathala tuwing ikaapat na buwan ng Institute of labor and industrial relation (ILIR)

[5] Pangatlong pangalan ng PUP, sa bisa ng RA 779 noong 1952.

[6] Ang wikang pambansa at isa sa mga opisyal na wika ng Pilipinas, Konstitusyon ng 1987, artikulo 14 seksiyon 6–7.

[7] Ang Pandaylipi ay pambansang samahan sa wika at panitikan na nakabase sa PUP. Sa pangunguna ni Cesario Torres ay nakapagsagawa ng maraming pambansang seminar na naging daan din upang makilala ang PUP bilang tagapagtaguyod ng sariling wika at panitikan.

[8] Ikalima at huling tagapangulo ng dating Kagawaran ng Filipino at unang pangulo ng KFilipinolohiya.

[9] Matatagpuan sa apendiks ng tesis ni Rio na nasa artsibo ng aklatan ng UP Diliman.

[10] Hanggang ngayon ang programang doktoral sa Filipino ay nasa antas pa rin ng pagpaplano.

[11] Ito ang ginamit na salita sapagkat sa susunod na bahagi ay maipapakita na hindi ganap na naisakatuparan ang konsepto ng Filipinolohiya ni Ka Bay sa PUP.

[12] Ang papel na ito ay isa sa mga naging bunga ng nasabing writeshop.

[13] Terminolohiyang ginagamit sa pagsasaka na nangangahulugang kinukuha ang mga tirang suhay ng palay pagkatapos ng pag-aani.

## Sanggunian

Abadilla, Bayani S. "Epistemolohiyang Filipino sa Karunungang Pilipino." *Filipinolohiya* bolyum 1 - Serye ng 2002, Lathalain ng Hulyo–Disyembre. 2002. 11–19. Print.

---. "Wisyo ng Konseptong Filipinolohiya." Binasang papel sa seminar noong 2004. Print.

Afundar, Christian Lemuel, Greg Dulay, Elenita Garcia. "Recuerdos: Mga Pagbaliktanaw sa Lumahong Programang Pilosopiya ng Far Eastern University." *Kritike*. 12. 2018: 73–97. Web. June 2020.

Austero, Cecilia S. Online na panayam. Messenger. Hunyo 29, 2020.

Arao, Danny. "Bayani Abadilla." *Rising Sun*. May 5, 2015. Web. June 2020.

Barcelona, Noel S. Online na panayam. Hunyo 14, 2020 at Hulyo 3, 2020.

CHED Accredited Programs 2017. Web. June 10, 2017.

CHED Memo Blg. 22 Serye 2017. Web. June 9, 2017.

Delena, Mary Irene, Joshua Felicilda, Leslie Anne Liwanag. "Si Demeterio at ang

Pilosopiyang Pilipino: Pakikipanayam Tungkol sa Kanyang Ika-25 na Taong Pamimilosopiya." *Kritike* Vol 12 No.1. 2018: 98–139. Web. June 2020.

Demeterio, Feorillo Petronillo at Jan Gresil Kahambing. "Doing Philosophy in Central and Southern Philippines: Interviews with PHAVISMINDA Presidents Velez, Gallamaso and Suazo." PHAVISMINDA Journal Vol. 16 & 17. 2018: 161–198. Web. June 2020.

Garcellano, Edel. *Pinoy Weekly*. 2008. Web. July 2, 2020. http://pinoyweekly.wordpress.com/lathalain/.

Layos, Emelinda C. Online na panayam. Messenger. Hulyo 2, 2020.

Lumbera, Bienvenido. *Pinoy Weekly*. 2008. Web. June 2020. http://pinoyweekly.wordpress.com/lathalain/.

Marasigan, Teo S. "Bayani ng Pakikibaka." *Kapirasong Kritika*. May 18, 2008. Web. June 21, 2020. https://kapirasongkritika.wordpress.com/2008/05/18/bayani-ng-pakikibaka/.

Mojica, May Leynes. "Ang Diskurso ng Araling Filipino ng DLSU – Departamento ng Filipino." Papel sa Disertasyon – Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino, Medyor sa Wika, Kultura, Midya, Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Malalayang Sining Pamantasang De La Salle. Maynila. 2019. Soft copy.

Ordonez, Rogelio L. "Literatura ng uring anakpawis." *The Mabini Review*, Volume 1.PUP Publications: 2000. 125. Print.

Rio, Maria Victoria C. *Pagpaplanong pangwika sa Politeknikong Unibersidad ng*
*Pilipinas Tungo sa aktibong pagpaplano ng Wikang Filipino*. Tesis, MA Filipino, DFPP, KAL Unibersidad ng Pilipinas, Diliman Quezon City: 2001. Print.

Rodriguez-Tatel, Maryjane. 2015. "Philippine Studies/ Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino. Humanities Diliman: 110–179. 2015. Web. June 2017.

Torres-Yu. Rosario. "Tungo sa pagbuo ng Filipinong diskurso." *Filipino at Pagpaplanong pangwika, Ikalawang Sourcebook ng Sangfil.* Ed. Pamela Constantino. Sentro ng Wikang Filipino–UP, Diliman: 2005. 252. Print.

Samonte, Mauro Gia."Old activists never die, they just keep on dreaming." December 18, 2015. Web. June 30, 2020. https://www.manilatimes.net /2015/12/18/opinion/columnists/old-activists-never-die-they-just-keep-on- dream-ing/235170/.

Santos, Soliman A."Sa alaala ni Ka Bay." *PinoyWeekly*. 2009. Web. June 2020. https://www.pinoyweekly.org/2009/05/sa-alaala-ni-ka-bay/.

---. Online na panayam. Messenger. Hulyo 2, 2020.

Sigliwa. 2010. "Magmamayo na naman Ka Bay." 2010. Web. June 2020. https://panitikanatbp.wordpress.com/2010/04/22/magma-mayo-na-naman-ka-bay.

Vital, Emily. "Hero of the Filipino People." 2008. Web, June 29, 2020. https://www.bulatlat.com/2008/05/24/bayani.abadilla-hero-of-the-filipino-people.

**Website:**

http://panitikan.ph/2013/05/09/bayani-abadilla/ June 29, 2020.

https://krguda.wordpress.com/2008/04/10/they-who-never-expected-anything-in return/#more-83, June 28, 2020.